{Samantalang ako ay naglalakad, biglang nakarinig ako ng isang tinig mula sa langit. Kaya nag-angat ako ng paningin ko saka ang anghel pala na dumating sa akin sa Ḥirā'

Ayon kay Abū Salamah bin `Abdirrḥmān bin Jābir bin `Abdillāh Al-Anṣārīy (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: Habang siya ay nagsasanaysay tungkol sa pagkahinto ng pagsisiwalat, nagsabi siya sa sanaysay niya: {Samantalang ako ay naglalakad, biglang nakarinig ako ng isang tinig mula sa langit. Kaya nag-angat ako ng paningin ko saka ang anghel pala na dumating sa akin sa Ḥirā' ay nakaupo sa isang silya sa pagitan ng langit at lupa. Hinilakbot ako sa kanya kaya bumalik ako saka nagsabi ako: "Balutin ninyo ako." Nagpababa naman si Allāh (napakataas Siya): {O nagtatalukbong, bumangon ka saka magbabala ka.} (Qur'ān 74:1-2) hanggang sa sabi Niya: {Sa kasalaulaan ay lumayo ka.} (Qur'ān 74:5) Saka umigting ang pagkasi at nagkasunuran ito.}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), habang siya ay nagsasanaysay, tungkol sa pagkatigil ng pagkasi at pagkapigil sa pagbaba sa simula ng pagkapropeta niya: "Samantalang ako ay naglalakad sa mga eskinita ng Makkah, biglang nakarinig ako ng isang tinig mula sa langit. Kaya nag-angat ako ng paningin ko saka si Anghel Gabriel pala na dumating sa akin sa Yungib ng Ḥirā' ay nakaupo sa isang silya sa pagitan ng langit at lupa. Hinilakbot ako at nangilabot ako sa kanya kaya bumalik ako sa mag-anak ko saka nagsabi ako: "Balabalan ninyo ako ng damit." Nagpababa naman si Allāh (napakataas Siya): {O nagtatalukbong} na nagbabalabal ng damit niya, {bumangon ka} para sa pag-aanyaya {saka magbabala ka.} magbigay-babala ka sa hindi sumasampalataya sa mensahe mo. {Sa Panginoon mo} at Diyos mong sinasamba {ay dumakila ka}, magpuri ka, at gumalang ka. {Sa mga damit mo} at mga kasuutan mo {ay magdalisay ka} mula sa mga karumihan. {Sa kasalaulaan} ng pagsamba sa mga anito at mga diyus-diyusan {ay lumayo ka} at mag-iwan ka. Saka lumakas ang pagkasi matapos niyon at nagdamihan ito.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/66304